



Kabanata 3: Mga Bagay Tungkol sa Imigrasyon

Aplikasyon para sa ID card

Dapat kang kumuha ng Hong Kong Identity (ID) card sa loob ng 30 araw mula sa iyong pagdating sa Hong Kong. Ang iyong unang ID card ay walang bayad.

Para makakuha ng ID card, mag-apply sa opisina ng Registration of Persons Office ng Immigration Department ayon sa nakalista sa ibaba. Tandaang dalhin ang iyong pasaporte o iba pang mga dokumento sa paglalakbay.

Pangalan ng Opisina	Address	Telepono	Fax
Registration of Persons - Hong Kong Office	8/F, Immigration Tower 7 Gloucester Road Wan Chai, Hong Kong (MTR Wan Chai Station – Exit A5)	2824-6111	2824-1810
Registration of Persons - Kowloon Office	3/F, Cheung Sha Wan Government Offices 303 Cheung Sha Wan Road Kowloon (MTR Sham Shui Po Station – Exit C1)	2150-7933	2369-4825
Registration of Persons - Kwun Tong Office	Office 3, 2/F Manulife Financial Centre 223-231 Wai Yip Street Kwun Tong, Kowloon (MTR Kwun Tong Station – Exit B1)	2755-9545	2795-3625
Immigration and Registration of Persons - Fo Tan Office	Shops 405-407, 4/F Jubilee Square 2-18 Lok King Street Fo Tan, NT (MTR Fo Tan Station – Exit C)	2653-3116	2650-4766

Immigration and Registration of Persons - Yuen Long Office	1/F, Yuen Long Government Offices, 2 Kiu Lok Square Yuen Long, NT (MTR Long Ping Station – Exit E) (Light Rail Hong Lok Road Station)	2475-4114	2474-3962
--	---	-----------	-----------

Upang makatipid sa oras, pinapayuhan kang gumamit ng 24-Oras na Appointment Booking System upang makakuha ng appointment nang patiuna sa pamamagitan ng pagtawag sa **2598-0888** o sa pamamagitan ng website sa www.gov.hk/en/residents/immigration/idcard/hkic/bookregidcard.htm.

Babala:

Laging magsabi ng totoong detalye sa mga Registration Officer. Kung hindi, maaari kang mabilanggo at magmula.

Pag-iingat sa ID card

Ang ID card ay napakahalagang dokumento, at ayon sa batas dapat dala mo ito sa lahat ng oras. Laging ilagay ito sa iyong wallet o purse kung saan madali mo itong makikita, at kung saan hindi ito magugusot o masisira.

Pana-panahon maaari kang hilingan ng Pulis na ipakita ang iyong ID card. Ito ay karaniwang bahagi ng kanilang trabaho kaya huwag kang kabahan.

May dalawa pang mahahalagang punto na dapat tandaan:

- Kung ang iyong ID card ay nawala, hindi na makilala o nasira, dapat itong ipaalam sa Registration of Persons Office sa loob ng 14 araw at mag-apply ng bago.
- Kung may anumang pagbabago sa iyong “mga nakarehistrong detalye” (tulad ng civil status, address, atbp.), kailangang ipagbigay-alam mo ito sa Registration of Persons Office.

Para sa residente

Dependant visa

Ang pag-a-apply para sa Dependant Visa ay dapat gawin bago dumating ang isang tao sa Hong Kong, at sa overseas Chinese Diplomatic at Consular

Mission na pinakamalapit sa lugar na iyong tinitirhan. O kaya naman, maaaring ipadala ang aplikasyon sa Hong Kong Immigration Department alinman sa pamamagitan ng direktang pagpapadala gamit ang koreo o sa pamamagitan ng isang sponsor sa Hong Kong sa:

Receipt and Despatch Sub-unit, Immigration Department

2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong

Pinapayuhang kang alamin sa Immigration Department ang mga detalyadong kahilingan sa pag-apply. Mayroon ding “Guidebook for Entry for Residence as Dependents in Hong Kong” (ID (E) 998) na makukuha mula sa Information and Liaison Section ng Immigration Department, 2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong o maaaring i-download mula sa website ng Immigration Department sa www.immd.gov.hk. Sa pangkalahatan, ang mga sumusunod na dokumento ay dapat ibigay para suportahan ang aplikasyon:

- Katunayan ng relasyon sa sponsor ng mga dependant; at
- Katunayan ng kalagayang pinansyal at tirahan ng sponsor.

Karapatan sa paninirahan

Ang karapatan sa paninirahan (right of abode) ay maaaring maging isang kumplikadong isyu depende sa kalagayan ng bawat tao. Ikaw ay dapat na legal nang namamalagi sa Hong Kong kapag nagsumite ka ng aplikasyon. Para sa mga katanungan, pakisuyong tumawag sa hotline ng Immigration Department sa **2824-6111**. Mayroon ding isang booklet na “Right of Abode in the HKSAR” maaaring makuha mula sa Information and Liaison Section ng Immigration Department, 2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong.

Pagpaparehistro ng Kasal

Kung plano mong magpakasal sa Hong Kong, ito man ay gaganapin sa Marriage Registry na gagawin ng Registrar, sa isang lisensyadong lugar ng pagsamba sa pamamagitan ng may-kakayahang ministro o saan mang iba pang lugar sa Hongkong sa pamamagitan ng mga tagapagkasal sa sibil, ikaw ay hinihilingang magbigay nang patiuna ng Notice of Intended Marriage gamit ang nakalaang form alinman sa ikaw ang magdala sa Marriage Registry o sa pamamagitan ng tagapagkasal sa sibil. Upang ibigay ang Notice nang personal, pinapayuhan kang gumamit ng 24-Oras na Appointment Booking System upang

magpa-appointment nang patiuna sa pamamagitan ng pagtawag sa **3102-3883** osa pamamagitan ng website sa www.gov.hk/en/residents/immigration/bdmreg/marriage/bookgivingmarriage.htm. Upang mapabilis ang pagpoproseso sa pagbibigay ng Notice sa counter, pinapayuhan ka ring magsumite ng information sheet na “Information Required for Registration of Marriage” (Form MR21B) online nang patiuna kaagad-agad pagkatapos ng matagumpay na pagpapa-book ng appointment para sa pagbibigay ng Notice.

Kung magdedesisyon ka na sibil ang gusto mong seremonya ng iyong kasal, makakakuha ka ng isang “Listahan ng mga Itinalagang Nagkakasal Nang Sibil” (“List of Appointed Civil Celebrants of Marriages”) at ng iba pang pinakahuling impormasyon mula sa website ng Kagawaran ng Imigrasyon sa : www.immd.gov.hk/eng/services/marriage/Civil_Celebrants_of_Marriage_Scheme.html.

Para sa mga karagdagang detalye tungkol sa mga pagpaparehistro ng kasal, mangyaring pumunta sa website ng Kagawaran ng Imigrasyon sa: www.immd.gov.hk. Maaari rin ninyong basahin ang pampletong “Paano Magpapatala para sa Rehistrasyon ng Kasal” (“How to Apply for Marriage Registration”) at “Polyeto ng Impormasyon para sa mga Partidong Magpapakasal” (“Leaflet for the Marrying Parties”) na makukuha sa Information and Liaison Section ng Kagawaran ng Imigrasyon, 2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong.

Pagpaparehistro ng kapanganakan

Sa ilalim ng seksyon 7 ng Ordinansa sa mga Rehistrasyon ng Kapanganakan at Kamatayan (Births and Deaths Registration Ordinance (Cap 174)), ang magulang ng bawat batang isinilang ay magpapatala para sa rehistrasyon ng kapanganakan ng bata sa isang rehistro ng kapanganakan sa loob ng panahong 42 araw pagkasilang. Isang opensang kriminal kung may sinumang sinadyang hindi iparehistro ang pagsilang ng isang bata ayon sa iniaatas ng batas. Ang mga lalabag ay mananagot at magbabayad ng pinakamataas na multang \$2,000 o hanggang anim na taong pagkabilanggo.

Sa pagpaparehistro ng kapanganakan, hindi na kailangang dalhin ang batang bagong silang sa hospital, pero kahilingan ito sa mga susunod na aplikasyon para sa mga dokumento sa paglalakbay.

Ang mga sumusunod na orihinal na dokumento ay kinakailangan para sa pagpaparehistro ng kapanganakan ng bata:

- Sertipiko ng kasal ng mga magulang; at
- Hong Kong permanent identity card ng mga magulang; o
- ID card ng mga magulang at mga may-bisang dokumento sa paglalakbay.

Ang mga nabanggit na dokumento sa itaas ay kadalasan nang sapat para sa layuning pagve-verify sa status ng permanenteng paninirahan ng bata sa Hong Kong sa ilalim ng Immigration Ordinance (Cap. 115). Maaaring hilingan kang magsumite ng iba pang mga sumusuportang dokumento. Walang hihinging bayad sa pagpaparehistro kung ang kapanganakan ay nairehistro sa loob ng 42 araw. Gayunpaman, may bayad para sa bawat kukuning sertipikadong kopya ng kapanganakan pagkatapos ng pagpaparehistro ng kapanganakan.

Para sa pagpaparehistro ng kapanganakan ng iyong anak, kailangan mong gamitin ang 24-Hour Appointment Booking System upang makapagpa-appointment sa pamamagitan ng pagtawag sa **2598-0888** o sa pamamagitan ng website sa www.gov.hk/en/residents/immigration/bdmreg/birth/birthreg/bookbirthreg.htm. Dapat na alamin sa may-kaugnayang hospital para matiyak na naibalik ang rehistro ng kapanganakan sa registrar bago gumawa ng pagpapa-book ng appointment. Upang mapabilis ang pagpoproseso ng pagpaparehistro ng kapanganakan sa counter, pinapayuhan ka ring magsumite ng information sheet na “Information Required for Registration of Birth” (Form BDR93A) online nang patiuna kaagad-agad pagkatapos ng matagumpay na pagpapa-book ng appointment para sa pagpaparehistro sa kapanganakan ng iyong anak.

Para sa karagdagang detalye tungkol sa rehistrasyon ng kapanganakan, mangyaring pumunta sa website ng Kagawaran ng Imigrasyon sa: www.immd.gov.hk. Maaari rin ninyong basahin ang pampletong “Paano Magpapatala para sa Rehistrasyon ng Kapanganakan” (“How to Apply for Birth Registration”) na makukuha sa Information and Liaison Section ng Kagawaran ng Imigrasyon, 2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong.

Pagpaparehistro ng kamatayan

Sa ilalim ng kaugnay na ordinansa, kung namatay ang isang tao dahil sa natural na sanhi at inalagaan ng isang rehistradong medical practitioner sa panahon ng huling pagkakasakit, ang kamatayan ay dapat irehistro sa loob ng 24 oras.

Karaniwan na, dapat dalhin ng kamag-anak ng namatay, ibig sabihin, ang impormante, ang mga sumusunod na dokumento para sa pagpaparehistro ng kamatayan:

- “Medical Certificate of the Cause of Death” (Form 18) na may lagda ng rehistradong medical practitioner na siyang nag-alaga sa namatay sa panahong ng kaniyang huling pagkakasakit;
- Hong Kong identity card / dokumento sa paglalakbay ng namatay; at
- Hong Kong identity card / dokumento sa paglalakbay ng impormante.

Ang impormante ay hinihilingang magbigay sa registrar ng karagdagang impormasyon tulad ng trabaho ng namatay, nasyonalidad, marital status, atbp. para sa layunin ng pagpaparehistro.

Walang sisingiling bayad para sa pagpaparehistro. Gayunman, may bayad para sa bawat kukuning sertipikadong kopya ng kamatayan pagkatapos ng pagpaparehistro ng kamatayan.

Sa kaso kung saan ang kamatayan ay resulta ng hindi likas na sanhi (hal. pagkalason, karahasan, atbp.), ang gayong kaso ay dapat ireport sa coroner. Ang coroner ay maaaring magsagawa ng post-mortem na pagsusuri o pagsisiyasat upang malaman ang dahilan ng pagkamatay. Karaniwan na, tumatagal ito ng isa hanggang anim na buwan para matukoy ng coroner ang dahilan ng kamatayan. Kapag ang sanhi ng kamatayan ay natukoy na at ipinaalam na ng coroner, ang kamatayan ay irehistro ng registrar sa loob ng isang linggo, saka naman ipapaalam sa kamag-anak ng namatay sa pamamagitan ng liham. Lahat ng mga katanungan sa ganitong mga kaso ay dapat itanong sa Births & Deaths General Register Office sa **2867-2784**.

Para sa karagdagang mga detalye tungkol sa pagpaparehistro ng kamatayan, pakisuyong bumisita sa GovHK website: www.gov.hk. Maaari mo ring basahin ang polyetong “How to Apply for Death Registration” na makukuha sa Information and Liaison Section ng Immigration Department, 2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong.

Para sa dayuhang domestic helper

Kailan mag-e-expire ang aking visa?

Sa pagdating ninyo sa Hong Kong, ang inyong pasaporte ay dapat sanang mayroon nang nakalakip na isang papeles o “landing slip” na malinaw na nagsasaad kung gaano katagal na kayo ay pinahihintulutang manatili dito. Kung kayo ay dumating sa Hong Kong upang simulan ang isang bagong kontrata sa pagka-empleyo bilang isang domestic helper, ang hangganan ng

pananatili ninyo sa Hong Kong ay karaniwang dalawang taon. Gayunpaman, kung papasok kayo ng Hong Kong upang ipagpatuloy ang inyong kontrata pagkatapos na magamit ang inyong bakasyon o “home leave” sa loob ng isang taong panahon ng ekstensyon, kailangang sundin ninyo ang inyong hangganan ng pananatili na tinukoy sa landing slip na nasa inyong pasaporte. Kung wala pa sa takdang panahon ay tinapos na ang inyong pagtatrabaho, pahihintulutan kayo na manatili sa Hong Kong sa loob ng natitira pa sa hangganan ng pananatili, o sa loob ng dalawang linggo mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata, alinman ang mas maiksi.

Babala:

- 1. Huwag ipagkamali na ang pag-expire ng petsa ng iyong kontrata ay ang petsa ng pagtatapos ng iyong pananatili sa Hong Kong. Ang aktwal na petsa ng pagtatapos ay ang limit ng pananatili na nakasaad sa landing stamp/slip sa iyong pasaporte..***
- 2. Huwag lumampas sa pinahintulutang panahon. Maaari kang mabilanggo at magmula. Maaari ka ring mapaalis sa Hong Kong matapos mong pagsilbihan ang iyong sintensya.***

Muling pagpasok sa Hong Kong

Ang mga hindi permanenteng residente (kabilang na ang mga dayuhang domestic helper) ng HKSAR, anuman ang kanilang nasyonalidad at uri ng dokumento ng paglalakbay, ay hindi hinihilingan ng re-entry visa para muling makapasok sa Hong Kong basta babalik sila sa loob ng may-bisang pinahintulutang limit ng pananatili at kung ang status ng kaniyang natamong paninirahan ay hindi pa rin nagbabago.

Pagre-renew ng employment visa

Kung natapos mo ang iyong 2-taon kontrata (“nakumpletong kontrata”), maaari kang mag-apply para sa pagre-renew ng kontrata sa parehong employer. Kailangan mong kompletuhin ang “Visa / Extension of Stay Application Form for Domestic Helper from Abroad” (ID 988A) habang ang iyong employer ay dapat magkumpleto ng “Application for Employment of Domestic Helper from Abroad” (ID 988B).

Sa mga pangkaraniwang kalagayan, dapat kang bumalik sa iyong pinanggalingang bansa pagkatapos makumpleto ang kontrata at mag-apply ng

visa para makabalik sa Hong Kong upang simulan ang bagong kontrata. Kapag hindi pinahintulutan ng kalagayang makabalik ka sa bansang pinagmulan para magbakasyon kaagad-agad pagkatapos mag-expire ng iyong lumang kontrata, depende sa mapagkasunduan ninyo ng iyong employer, maaari kang mag-apply para sa extension ng iyong pananatili kapalit ng bakasyon. Kailangang kompletuhin mo at ng iyong employer ang kailangang mga bahagi ng ID 988A at ID 988B para sa pag-a-apply. Sa pag-a-apply, karaniwang maaaring ibigay ang hindi lalampas sa isang taon na extension ng pananatili ng Director of Immigration pagkatapos magbayad ng extension fee. Dapat mong isaayos na makabalik sa bansang pinanggalingan mo sa loob ng isang taong extension at gamitin ang visa (may visa fee na naka-waive at may validity ng ipinagkaloob na extension ng pananatili) para makapasok sa Hong Kong at tapusin ang kontrata.

Sa pagre-renew ng iyong employment visa para ipagpatuloy ang iyong pagtatrabaho sa iyon ding employer, dapat mayroon ka ng bagong employment contract sa employer na iyon. Para sa mga detalye ng pag-a-apply, pakisuyong tingnan ang “Guidebook for the Employment of Domestic Helpers from Abroad” (ID(E) 969) at “Quick Guide for the Employment of Domestic Helpers from Abroad” (ID(E) 989). Dapat mong i-submit ang iyong aplikasyon para sa pagre-renew ng employment visa sa parehong employer sa loob ng walong linggo bago mag-expire ang kasalukuyan mong kontrata sa mga sumusunod na address:

Foreign Domestic Helpers Section	3/F, Immigration Tower 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong
East Kowloon Office	Level 2, Sceneway Plaza, Sceneway Garden 1-17 Sceneway Road, Lam Tin, Kowloon
West Kowloon Office	G/F, 28 Kimberley Street, Tsim Sha Tsui Kowloon
Sha Tin Office	3/F, Sha Tin Government Offices 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, NT
Fo Tan Office	Shops 405 & 406, 4/F, Julibee Square 2-18 Lok King Street, Fo Tan, NT
Yuen Long Office	1/F, Yuen Long Government Offices 2 Kiu Lok Square, Yuen Long, NT

Maliban sa personal na pagsumite, ang gayong pag-a-apply ay maaaring isagawa sa sumusunod na paraan:

- (a) sa pamamagitan ng koreo - naka-address sa Foreign Domestic Helpers Section;
- (b) paghuhulog - ang mga kahon na paghuhulugan ay inilaan sa Foreign Domestic Helpers Section; at
- (c) online - sa www.gov.hk/en/residents/immigration/nonpermanent/apply/extensionstay/index.htm.

Karapatan sa paninirahan

Kung tinanggap ka sa Hong Kong para sa pagtatrabaho bilang domestic helper, hindi ka maaaring kumuha ng karapatang manirahan sa loob ng pananatili mo rito at hindi ka maaaring kumuha ng Hong Kong permanent ID card.

Para sa in-import na manggagawa

Kung pupunta kayo sa Hong Kong bilang isang imported na manggagawa sa ilalim ng Supplementary Labour Scheme, maaari kayong magpatala para sa isang ekstensyon ng pananatili upang makapagtrabaho sa HKSAR sa loob ng apat na linggo bago mawalan ng bisa ang hangganan ng pananatili para sa pagkukumpleto ng kontrata sa pagka-employo. Ang aplikasyon para sa ekstensyon ng pananatili ay kailangang isumite sa:

Quality Migrants and Mainland Residents Section, Immigration Department

6/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong

Para sa mga detalye sa pag-a-apply, pakisuyong sumangguni sa “Guidebook for Entry for Employment as Imported Workers in Hong Kong” (ID(E) 100).

Karapatan sa paninirahan

Kung tinanggap ka sa Hong Kong para sa pagtatrabaho bilang isang imported worker, hindi ka maaaring kumuha ng karapatang manirahan sa loob ng pananatili mo rito at hindi ka maaaring kumuha ng Hong Kong permanent ID card.

Mga katanungan

Para sa mga katanungan may kinalaman sa mga bagay tungkol sa imigrasyon, pakisuyong makipag-ugnayan sa:

Information and Liaison Section, Immigration Department

2/F, Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong

Tel: **2824-6111**

Fax: **2877-7711**

E-mail: enquiry@immd.gov.hk

Website: www.immd.gov.hk

Mga Komento at Mungkahi

Kung hindi ka nasiyahan sa serbisyong natanggap mo mula sa staff ng Imigrasyon, pakisuyong:

- agad na ipagbigay-alam ito sa nakatalagang opisyal; o
- tawagan sa telepono ang Customer Services Unit sa mga oras na may trabaho sa **2829-4141** o **2829-4142**; o
- sumulat sa Chief Immigration Officer (Management Audit)
 - sa pamamagitan ng pagpapadala sa Immigration Tower, 7 Gloucester Road, Wan Chai, Hong Kong; o
 - sa pamamagitan ng pag-email sa enquiry@immd.gov.hk.
 - sa pamamagitan ng fax sa **2827-0662**.